American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-20-28
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Antas ng Memorya at Kognitibong Pakikilahok sa Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Medyor sa Filipino

Rowena A. Onongan, Stephanie C. Pablo, MAEd
*Mananaliksik, Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Philippines*
*Tagapagturo sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRACT :** Ang patuloy na suliranin sa kakulangan ng memorya at kognitibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay nagiging hadlang sa epektibong paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Layunin ng pag-aaral na ito na masusing suriin ang ugnayan ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Gumamit ang pananaliksik ng kwantitatibong disenyo, partikular ang regression analysis, upang matukoy ang antas ng epekto ng mga salik na ito sa kasanayang pampagsulat. Sa pamamagitan ng purposive sampling, napiling kalahok ang 154 na mag-aaral mula sa kursong BSED Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Ipinakita ng mga resulta na may mataas na antas ng memorya at kognitibong pakikilahok ang mga kalahok, gayundin ang kasanayan nila sa pagsulat ng sanaysay. Natukoy rin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga nabanggit na salik, na nagpapahiwatig na ang mas mataas na antas ng memorya at kognitibong pakikilahok ay may positibong impluwensiya sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat. Sa kabuuan, nagbibigay ang pag-aaral na ito ng mahalagang batayan para sa mga guro, tagapamahala ng paaralan, at mga mananaliksik sa pagbuo ng mga estratehiya at programang magpapalakas sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa malikhaing at lohikal na pagsulat ng sanaysay.

Keywords: *Antas ng memorya, kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, Kcast, medyor sa filipino, pilipinas, purposive sampling*

## I. INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, na tumutukoy sa kakayahang mahusay na ayusin ang mga ideya, bumuo ng lohikal na argumento, at maipahayag ang mga kaisipan sa isang organisado at malinaw na paraan, ay mahalaga para sa tagumpay sa akademya. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang nahaharap sa hamon ng paglinang ng mga kakayahang ito, kung saan kadalasang nahihirapan sa mga aspekto tulad ng kalinawan, mapanuring pag-iisip, at pagsunod sa mga alituntunin ng akademikong pagsulat. Ang pagtugon sa mga salik na ito nang holistiko ay makapagbibigay-lakas sa mga mag-aaral na paunlarin ang mga kasanayan sa pagsulat na mahalaga para sa kanilang akademikong at propesyonal na pag-unlad (Fauziah & Gumiandari, 2024).

Sa India, natuklasan sa isang pag-aaral na bagama't 90% ng mga mag-aaral ay nagsasabing nasisiyahan sila sa pagsusulat, nananatiling laganap ang problema ng pagpapaliban, kung saan 46% ang umaamin na isinusumite ang kanilang mga sanaysay sa huling sandali. Ang ugaling ito ng pag-aantala ay hindi lamang nakakapinsala sa kalidad ng kanilang gawa kundi nagdudulot din ng labis na stress at nawawalang mga pagkakataon para sa masusing rebisyon at pidbak. Ang laganap na pagpapaliban sa mga mag-aaral ay nagpapakita ng mas malalalim na hamon tulad ng mahinang pamamahala ng oras, kakulangan ng tiwala sa sariling kakayahan sa pagsusulat, o labis na bigat ng mga gawaing akademiko. Upang matugunan ang problemang ito, kinakailangang magbigay ng pokus sa pagtuturo ng epektibong mga estratehiya sa pagpaplano, pagpapalakas ng disiplina, at paglikha ng mga suportadong kapaligiran na nagtataguyod ng maagap at tuloy-tuloy na pagsisikap sa pagtatapos ng mga gawaing pagsusulat (Anaktototy et al., 2024).

Sa Lungsod ng Cebu, sa Pilipinas, tinatayang 70% ng mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagsusulat ng sanaysay, partikular sa mga pangunahing aspeto tulad ng paggamit ng malaking titik, wastong bantas, at tamang anyo ng pandiwa. Ang mga problemang ito ay nagpapakita ng kakulangan sa pundasyong kasanayan sa gramatika, kung saan 45% ng mga mag-aaral ay hindi nakakamit ang inaasahang antas ng kakayahan sa pagsusulat para sa kanilang baitang. Bukod dito, 60% ng mga guro ang naniniwalang ang kakulangan sa pagsasanay at epektibong pagtuturo sa maayos na pagsulat ay nag-aambag sa problemang ito. Kung hindi agad matutugunan, ang mga

kahinaang ito ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang mga ideya at makasunod sa mga pamantayang pang-akademikong pagsusulat (Lopres et al., 2023).

Ang pananaliksik na ito ay may kaugnayan sa lipunan dahil tinutukoy nito ang ugnayan ng memorya at kognitibong pakikilahok sa pagsusulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Medyor sa Filipino. Mahalaga ang mahusay na pagsusulat hindi lamang sa akademya kundi sa pagpapahayag ng mga ideya at pagpapalaganap ng kulturang Filipino. Ang pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang kasanayan ay makatutulong sa pagbuo ng mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo upang mapabuti ang antas ng kasanayang pangwika at intelektwal na diskurso sa lipunan. Bukod dito, ang kakulangan sa pag-unawa at aplikasyon ng mga pangunahing kasanayan sa pagsusulat ay maaaring magdulot ng mga suliranin sa akademikong pagganap at propesyonal na kakayahan ng mga mag-aaral sa hinaharap. Sa pamamagitan ng pagtuon sa papel ng memorya at kognitibong pakikilahok, maaaring magbigay ang pananaliksik na ito ng solusyon upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Filipino at matulungan ang mga mag-aaral na maging mas handa sa mga hamon ng mas mataas na edukasyon at propesyonal na mundo.

Ang pag-aaral na "Antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino" ay ipinapaabot mula sa mga naunang pag-aaral, kabilang na ang isinagawang pag-aaral nina Manipatruni et al. (2024) na may pamagat na "*Improving Writing Skills through Essay Writing via 'Write & Improve' for Error Analysis and 'Padlet' for Collaborative Writing & Peer Review*," at ang pananaliksik nina Zakaria et al. (2024) na "*The Effectiveness of Essay Writing Training Module in Improving Literacy Skills of High School Students*." Pareho nilang binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga estruktura at makabago na paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Subalit, may malinaw na kakulangan sa mga pag-aaral na tumatalakay sa mga kognitibo at memorya na salik na nakaaapekto sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Karamihan ng mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan at gumagamit ng mga digital na kasangkapan o peer feedback bilang mga pangunahing pamamaraang interbensyon. Gayunpaman, kakaunti ang mga pag-aaral na nagtuon sa kognitibong partisipasyon at mga salik ng memorya, lalo na sa konteksto ng pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino, kung saan may mga hamon na kultural at lingguwistiko na maaaring magkaiba sa mga pag-aaral na nakatuon sa wikang Ingles.

## II.LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang makabuluhang epekto ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Sa partikular, ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang sumusunod na layunin:

1. Tukuyin ang antas ng Memorya:
1.1 Ano ang aking palagay sa aking memorya;
1.2 Kamalian ng aking memorya
1.3 Paggamit ng mga diskarte sa memorya
2. Tukuyin ang antas ng kognitibong pakikilahok:
2.1 Interaktibo;
2.2 Konstraktibo
2.3 Aktibo
2.4 Pasibo
3. Tukuyin ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay:
3.1 Saloobin sa Pagsulat ng Sanaysay
3.2 Pag unlad sa pamamagitan ng Pagsulat ng Sanasay
3.3 Hadlang sa Pagsulat ng Sanaysay

## III. PAMAMARAAN

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang kwantitabong disenyo ng pag-aaral, ang kwantitatibong disenyo ay isang uri ng sistematikong pananaliksik na gumagamit ng mga numerikal na datos upang masukat ang mga ugnayan at epekto ng mga baryabol sa isa't isa. Layunin nitong makabuo ng mga tiyak, obhetibo, at nasusukat na resulta sa pamamagitan ng paggamit ng estadistika, eksperimento, at structured na pamamaraan ng pagkalap ng datos. Ang kwantitatibong pananaliksik ay isang paraan ng pagsusuri kung saan ang mananaliksik ay nagtatangkang ilarawan o ipaliwanag ang mga penomenon sa pamamagitan ng pangongolekta at pagsusuri ng numerikal na impormasyon, kadalasan upang masubukan ang isang teorya o hipotesis Creswell (2014).

Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang kwantitatibong disenyo ay ginagamit upang masukat ang ugnayan ng mga kognitibong salik sa kasanayang pampagsulat ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagkolekta ng datos mula sa mga standardized tests o survey questionnaires, maaaring matukoy ang antas ng memorya at kognitibong pakikilahok, at kung paano ito may kaugnayan sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay. Ang estadistikal na pagsusuri gaya ng correlation at regression analysis ay makatutulong upang maipakita ang laki at

direksyon ng ugnayan ng mga baryabol, na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng Sa pag-aaral na ito, na gumagamit ng disenyong kwantitatibo at hindi-eksperimental, ginamit ng mga mananaliksik ang deskriptibo-korelasyonal na disenyo. Ang deskriptibo-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik ay isang metodo na naglalarawan ng ugnayan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga variable nang hindi sinusubukang tukuyin ang sanhi at epekto ng mga ito. Kabilang dito ang pangangalap at pagsusuri ng datos upang makita kung may kaugnayan sa pagitan ng mga variable (Aithor, 2024).
pagtuturo ng pagsulat sa Filipino.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, isinagawa ang deskriptibo-korelasyonal na pananaliksik upang masuri ang papel ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino (BSED Filipino). Ang disenyo ay pinili upang makapagbigay ng masusing pagsusuri sa kasalukuyang antas ng memorya at kognitibong pakikilahok ng mga mag-aaral at ang epekto nito sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay.

Ang regression ay isang estadistikal na pamamaraan na ginagamit upang suriin ang ugnayan ng isang dependent variable at isa o higit pang independent variables. Layunin nitong matukoy ang lawak at direksyon ng epekto ng mga salik sa isang kinalabasan, at ginagamit ito sa maraming larangan tulad ng ekonomiya, agham, edukasyon, at agrikultura. Sa tulong ng regression analysis, maaaring makabuo ng modelo upang makapagsagawa ng prediksyon batay sa makasaysayang datos (Frost, 2019).

Sa konteksto ng pag-aaral, mahalaga ang regression upang masukat kung gaano kalaki ang impluwensiya ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, maaaring matukoy kung alin sa dalawang salik ang may higit na kontribusyon sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral, na makatutulong sa pagdisenyo ng mas epektibong pedagogikal na interbensyon sa larangan ng pagsulat sa wikang Filipino.

## IV. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 2**

*Antas ng Memorya ayon sa tanong na Ano ang aking palagay sa aking memorya*

| Ano ang aking nararamdaman sa aking memorya | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nasisiyahan sa kakayahan kong makaalala. *(I am generally pleased with my memory ability.)* | 4.38 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nakaalaala ako ng mga mahahalagang bagay. *(If something is important, I will probably remember it)* | 4.17 | Sumasang-ayon |
| 3. May tiwala sa kakayahan kong makaalala. *(I have confidence in my ability to remember things)* | 4.12 | Sumasang-ayon |
| 4. Hindi naiirita kapag hirap akong makaalala. *(I don't get upset when I have trouble remembering something)* | 3.74 | Sumasang-ayon |
| 5. Kontento na sa aking memorya para sa aking edad. *(My memory is good for my age)* | 3.84 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **4.05** | Sumasang-ayon |

**Talahanayan 3**

*Antas ng Memorya ayon sa tanong na Kamalian ng aking memorya*

| Kamalian ng aking memorya | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nalilimutan ang mga appointment *( Forget an appointment)* | 3.71 | Sumasang-ayon |
| Hirap akong mag- isip ng partikular na salita sa usapan. *(In conversation, have difficulty coming up with a specific word that you want.)* | 4.05 | Sumasang-ayon |
| Hindi ko na maalala ang pangalan ng matagal ko ng kakilala. *(Not recall the name of someone you have known for sometime)* | 3.61 | Sumasang-ayon |
| Nakakalimutan ko ang itinatagong bagay na ilang araw na ang nakalipas. *(Misplace something that you put away a few days ago).* | 3.76 | Sumasang-ayon |
| Nakakalimutan ang detalye ng kamakailang usapan. *(Forget details about a recent conversation.)* | 3.86 | Sumasang-ayon |

| KABUOAN | **3.80** | Sumasang-ayon |
|---|---|---|

**Talahanayan 4**
*Antas ng Memorya ayon sa tanong na Paggamit ng mga diskarte sa memorya*

| Paggamit ng mga diskarte sa memorya | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nalilimutan ang mga appointment *(Forget an appointment)* | 3.95 | Sumasang-ayon |
| Hirap akong mag- isip ng partikular na salita sa usapan. *(In conversation, have difficulty coming up with a specific word that you want.)* | 4.14 | Sumasang-ayon |
| Hindi ko na maalala ang pangalan ng matagal ko ng kakilala. *(Not recall the name of someone you have known for sometime.)* | 3.73 | Sumasang-ayon |
| Nakakalimutan ko ang itinatagong bagay na ilang araw na ang nakalipas. *(Misplace something that you put away a few days ago).* | 4.17 | Sumasang-ayon |
| Nakakalimutan ang detalye ng kamakailang usapan. *(Forget details about a recent conversation.)* | 4.05 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **4.01** | Sumasang-ayon |

**Resulta ng Antas ng Memorya**

**Ano ang aking palagay sa aking memorya.** Sa ipinakita sa Talahanayan 2, ay mataas ayon sa paglalarawan Ipinapahiwatig nito na may tiwala ang mga respondente sa kanilang kakayahang matandaan at maalala ang mahahalagang impormasyon. Ang mataas na antas ng memorya ay maaaring makatulong sa kanila sa iba't ibang aspeto ng pag-aaral, lalo na sa pagsusulat ng sanaysay, kung saan mahalaga ang mabilis at maayos na pagproseso ng impormasyon. Ang ganitong tiwala sa sariling memorya ay maaaring magdulot ng mas positibong pananaw sa akademikong gawain at mas epektibong paggamit ng kanilang mga natutunan sa pagsulat.

Ayon kay Erickson (2019) ang pag-unawa sa memorya bilang isang dinamikong proseso sa halip na isang static na entidad ay mahalaga sa pagpapabuti ng mga gawi sa edukasyon. Sa halip na ituring ang memorya bilang isang simpleng imbakan ng impormasyon, mas makabubuti kung ito ay makita bilang isang aktibong proseso na patuloy na nagbabago at umaangkop batay sa mga karanasan at konteksto. Ang ganitong pananaw ay nagbibigay-daan sa mas epektibong mga estratehiya sa pagtuturo, tulad ng pagtuon sa interaktibong pag-aaral, pag-uulit sa magkakaibang konteksto, at pagsasama ng emosyonal at praktikal na aspeto ng kaalaman upang mapalalim ang pag-unawa at matagalang pagkatuto.

**Kamalian ng aking Mmeorya.** Sa ipinakita sa Talahanayan 3,. Ang mataas na antas ng memorya ay nagpapakita ng kakayahan ng mga respondente na maalala at iproseso ang impormasyon nang epektibo, na maaaring makatulong sa kanilang akademikong pagganap, lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Kaayon nito, ipinapakita sa pag-aaral nina López et al. (2024) ang mababang antas ng edukasyon ay may negatibong epekto sa kakayahan ng memorya, partikular sa mga kabataan at nasa gitnang edad, dahil ito'y naglilimita sa kanilang kognitibong kakayahan at proseso ng impormasyon. Samantala, ang mga nakatatandang may mataas na antas ng edukasyon ay mas mataas ang insidente ng maling alaala. Ang penomenong ito ay sanhi ng paghina ng kakayahang maalala ang mga tiyak na detalye at ng mas malakas na semantic activation sa panahon ng encoding, kung saan ang umiiral na kaalaman ay may malakas na impluwensiya sa pagbubuo ng memorya. Ang mga natuklasang ito ay nagtatampok ng pangangailangan para sa mga angkop na interbensyon upang mapabuti ang katumpakan at kahusayan ng mga proseso ng memorya sa iba't ibang grupo ng edad at antas ng edukasyon.

**Paggamit ng mga diskarte sa memorya.** Sa ipinakita sa Talahanayan 4, nakakuha ng mataas na ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na karaniwan nilang ginagamit ang iba't ibang estratehiya upang mapahusay ang kanilang kakayahang matandaan at maalala ang impormasyon. Ayon kina McAuliffe et al. (2020) ang paggamit ng mga estratehiya sa memorya sa edukasyon ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng resulta ng pagkatuto sa iba't ibang larangan. Ang mga teknik tulad ng mnemonic devices, visualization, at mga pamamaraan ng asosasyon ay napatunayang nakakapagpahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral na magpanatili ng impormasyon at epektibong matutunan ang bokabularyo. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiyang ito, nagagawa ng mga nag-aaral na lumikha ng makahulugang koneksyon sa pagitan ng bagong impormasyon at dating kaalaman, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at mas matagalang memorya.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Kognitibong Pakikilahok ayon sa tanong na Interaktibo*

| Interaktib | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Nagtatanong para maintindihan ko ang pananaw ng iba. *(I ask question to understand other student's perspectives when discussing course content.)* | 4.19 | Sumasang-ayon |
| Sinasagot ko ang tanong para ipaliwanag ang pananaw ko. *(I answer questions describing my perspective when discussing course content.)* | 4.06 | Sumasang-ayon |
| Sinusuri ko ang alternatibong pananaw kasama ang iba. | 4.03 | Sumasang-ayon |
| Ipinaliliwanag ko ang konsepto sa iba. | 3.99 | Sumasang-ayon |
| Nakikipagtulungan ako sa ibang mga mag-aaral upang mas maunawaan ang mga ideya at konsepto ng kurso. | 4.12 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **4.08** | Sumasang-ayon |

**Talahanayan 6**

*Antas ng Kognitibong Pakikilahok ayon sa tanong na Konstraktibo*

| Konstraktibo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Gumuguhit ng diagram para linawin ang nilalaman. (*I draw pictures / diagram / sketches to clarify course content)* | 3.79 | Sumasang-ayon |
| Nagdaragdag ng sarili kong pananaw habang nagtuturo ang guro. *(I add my content to the course notes during lecture*.) | 3.94 | Sumasang-ayon |
| Tinitignan ko ang ugnayan ng mga ideya. *(I consider how multiple ideas or concepts or relate.)* | 4.01 | Sumasang-ayon |
| Tinitignan ko ang ugnayan ng leksyon sa ibang kurso. *(I consider how lecture content ideas relates to content from other course.)* | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Ikinukumpara ko ang konsepto mula sa ibang kurso. *(I compare and contrast lecture concepts to cocepts from other courses.)* | 3.92 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **3.93** | Sumasang-ayon |

**Talahanayan 7**

*Antas ng Kognitibong Pakikilahok ayon sa tanong na Aktibo*

| Aktibo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Sulat lang ng guro ang kinokopya ko. *(I only copy the notes the instructor writes down.)* | 3.81 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako nagdaragdag ng sarili kong mga tala sa mga tala ng kurso. *(I do not add my own notes to the course notes.)* | 3.67 | Sumasang-ayon |
| Inilalapat ko ang mga kasalukuyang konsepto na itinuturo sa nilalaman ng nakaraang kurso. *(I apply cuurent concepts being taught to previous course content.)* | 3.96 | Sumasang-ayon |
| Inilapat ko ang kasalukuyang mga hakbang sa solusyon sa nilalaman ng nakaraang kurso. *(I apply current solutions steps with previous course content*.) | 3.99 | Sumasang-ayon |
| Pinagsasama ko ang kasalukuyang mga hakbang sa solusyon sa nilalaman ng nakaraang kurso *(I combine current solution steps with previous course content*.) | 4.01 | Sumasang-ayon |

| KABUOAN | 3.89 | Sumasang-ayon |
|---|---|---|

**Talahanayan 8**
*Antas ng Kognitibong Pakikilahok ayon sa tanong na Pasibo*

| Pasibo | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Sulat lang ng guro ang kinokopya ko. *(I only copy the notes the instructor writes down.)* | 3.99 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako nagdaragdag ng sarili kong mga tala sa mga tala ng kurso. *(I do not add my own notes to the course notes.)* | 3.94 | Sumasang-ayon |
| Inilalapat ko ang mga kasalukuyang konsepto na itinuturo sa nilalaman ng nakaraang kurso. *(I apply cuurent concepts being taught to previous course content.)* | 3.53 | Sumasang-ayon |
| Inilapat ko ang kasalukuyang mga hakbang sa solusyon sa nilalaman ng nakaraang kurso. *(I apply current solutions steps with previous course content*.) | 3.94 | Sumasang-ayon |
| Pinagsasama ko ang kasalukuyang mga hakbang sa solusyon sa nilalaman ng nakaraang kurso *(I combine current solution steps with previous course content*.) | 4.05 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **3.89** | Sumasang-ayon |

## Antas ng Pagsulat ng Sanaysay

**Resulta ng Kognitibong Pakikilahok**

**Interaktibo.** Ipinapakita sa Talahanayan 5,ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na madalas silang nakikilahok sa mga talakayan, nagpapalitan ng ideya, at aktibong nakikibahagi sa pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Ayon kina Zheentaeva et al. (2024) ang interaktibong edukasyon ay lumitaw bilang isang makabagong paraan ng pagtuturo na nagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok ng mag-aaral at kolaboratibong pagkatuto, sa halip na mga tradisyunal na pasibong pamamaraan. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga talakayan, gawaing panggrupo, at mga gawaing paglutas ng problema, pinauunlad ng paraang ito ang kritikal na pag-iisip, pagiging malikhain, at kasanayan sa komunikasyon.

**Konstraktibo.** Ipinapakita rin sa Talahanayan 6 ang naging resulta ng survey at ito ay ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na aktibo nilang iniisa-isa, iniuugnay, at binibigyang-kahulugan ang mga konsepto upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa. Ang ganitong uri ng pakikilahok ay nagpapakita ng kanilang kakayahang mag-organisa ng impormasyon, magbuo ng makabuluhang koneksyon sa pagitan ng mga ideya, at magbigay ng mas maayos at lohikong paliwanag sa kanilang mga isinulat.

Ito ay suportado sa pag-aaral na ginawa nina Nyshanbayeva et al. (2024) nagsasaad na ang konstruktibismo ay mahalaga sa edukasyon dahil itinataguyod nito ang aktibong pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon, kundi sila mismo ang gumagawa ng kahulugan mula rito. Ang ganitong paraan ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa, dahil hinihikayat ang kritikal na pag-iisip, paglutas ng problema, at pagbuo ng sariling interpretasyon ng mga konsepto.

**Aktibo.** Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang naging resulta, ito ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na sila ay masigasig at direktang nakikilahok sa kanilang proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtatanong, pagpapaliwanag, at pagsisikap na maunawaan ang mga konsepto nang mas malalim. Batay sa ginawang pag-aaral nina Lavi & Bertel (2024) ang aktibong pakikilahok sa edukasyon ay hindi lamang limitado sa mga aktibidad sa silid-aralan, kundi pati na rin sa mas malawak na buhay-paaralan, na naghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga extracurricular na gawain, mga tungkulin sa pamumuno, at pakikilahok sa komunidad. Ang ganitong kabuuang paglahok ay tumutulong sa mga mag-aaral na magtamo ng paggalang sa sarili, kumpiyansa, at mga kasanayan sa pakikisalamuha habang pinapaunlad ang kanilang mga ideya at pagiging malikhain.

**Pasibo.** Ipinapakita sa talahanayan 8 ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na bagaman hindi sila laging aktibong nakikilahok sa mga talakayan o pagpapalitan ng ideya, patuloy pa rin nilang pinoproseso at inuunawa ang impormasyon sa tahimik na paraan. Ang ganitong uri ng pakikilahok ay nagpapakita ng kanilang kakayahang matuto sa pamamagitan ng pakikinig, pagmamasid, at internal na pagninilay-nilay, na maaaring makatulong sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ayon kina Diepreye & Odukoya (2019) ang pasibong pakikilahok sa edukasyon ay tumutukoy sa mga partikular na pag-uugali na nakikita sa mga kolaboratibong online learning environment. Kasama rito ang lurker (read-only na pakikilahok), legitimate peripheral participation (mababang kontribusyon), at free riding (walang kontribusyon). Ang ganitong mga pasibong pag-uugali ay maaaring magpahina sa bisa ng mga kolaboratibong aktibidad sa pagkatuto, dahil ang mga mag-aaral ay maaaring hindi ganap na nakikibahagi sa mga layunin ng grupo o sa proseso ng pagkatuto. Ang

mga ganitong pasibong pag-uugali ay nagpapababa sa pag-unlad ng mga mahahalagang kasanayan tulad ng komunikasyon, paglutas ng problema, at pagtutulungan

**Talahanayan 9**

*Antas ng Pagsulat ng Sanaysay ayon sa tanong na Saloobin sa Pagsulat ng Sanaysay*

| Saloobin sa Pagsulat ng Sanaysay | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Kinakabahan kapag magsusulat. *(Having to write makes me nervous or afraid.)* | 3.37 | Hindi Tiyak |
| Kaya magsulat ng 100-300 salita nang mabilis. *(I can write 100-300 words quickly.)* | 3.66 | Sumasang-ayon |
| Kaya tanggalin ang karamihan ng mga pagkakamali. *(I can get rid of most mistakes in grammar and spelling.)* | 3.54 | Sumasang-ayon |
| Tingin ko sa sarili ko ay isang manunulat. *(I think of myself a writer.)* | 3.51 | Sumasang-ayon |
| Malaking tulong sa akin na ayusin ang impormasyon sa aking isipan. *(Writing helps me organize information in my mind.)* | 3.90 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **3.60** | Sumasang-ayon |

**Talahanayan 10**

*Antas ng Pagsulat ng Sanaysay ayon sa tanong na Pag-unlad sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay*

| Pag-unlad sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Kaya kong magsulat ng magandang panimula sa sanaysay. *(I can write a good introduction for an English essay.)* | 3.71 | Sumasang-ayon |
| Madali kong naisusulat, lalo na ang sanaysay. *(I can easily write especially an essay.)* | 3.56 | Sumasang-ayon |
| Madali kong naipapahayag ang gusto kong sabihin. *(I can easily express what I want to say through writing.)* | 3.70 | Sumasang-ayon |
| Kaya kong magsulat ng depensa tungkol sa saloobin ng mambabasa. *(I can write an essay defense on the attitudes of the readers.)* | 3.71 | Sumasang-ayon |
| Kaya kong magsulat ng sanaysay na tanong o declarative. *(I can write essay in a question type or a declarative.)* | 3.71 | Sumasang-ayon |
| **KABUOAN** | **3.68** | Sumasang-ayon |

**Table 14**

*Epekto ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay*

| Independent Variable | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | t-stat | p-value | Decision @ α= 0.05 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | *B* | SE | Beta | | | |
| Memorya | -0.034 | 0.09 | -0.03 | -0.38 | 0.705 | Accepted |
| Kognitibong Pakikilahok | 0.808 | 0.106 | 0.603 | 7.661 | < .001 | Rejected |

***Dependent Variable:*** *Kasanayan sa Pagsulat ng sanaysay* ***Adjusted R square: .336***
***F-ratio: 39.656***

**Resulta sa Kasanayan sa Pagsulatc ng Sanaysay**

**Saloobin sa Pagsulat ng Sanaysay.** Ipinapakita sa Talahanayan 9, ay itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na may positibong pananaw at motibasyon ang mga respondente patungkol sa pagsulat ng sanaysay. Sa kanilang mga sagot, nagpapakita sila ng tiwala at kasiyahan sa proseso ng pagsulat,

tulad ng kakayahang mag-organisa ng impormasyon sa kanilang isipan at magbigay ng mahusay na depensa sa kanilang mga ideya. Ipinakita sa pag-aaral nina Kalule et al. (2024) na maraming mag-aaral ang naniniwala na ang kasanayan sa pagsulat ay mahalaga para sa kanilang edukasyon at mga hinaharap na karera. Ang pagkakaroon ng mahusay na kakayahan sa pagsulat ay hindi lamang nakakatulong sa pagpapahayag ng mga ideya at impormasyon nang malinaw, kundi ito rin ay isang pundasyon sa tagumpay sa iba't ibang larangan ng propesyon kung saan ang epektibong komunikasyon ay lubos na kinakailangan.

**Pag-unlad sa pamamagitan ng pagsulat ng Sanaysay.** Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang naging resulta, ito ay, itinuring na mataas ng mga respondente. Ipinapahiwatig nito na nakikita nila ang pagsulat ng sanaysay bilang isang mahalagang kasangkapan sa kanilang personal at akademikong pag-unlad. Ang mataas na antas na ito ay nagpapakita ng kanilang kakayahan na magbukas ng mas malalim na pananaw, mag-organisa ng mga ideya, at mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsusulat sa pamamagitan ng patuloy na praktis. Ang pagsulat ng sanaysay ay nagsisilbing instrumento upang malinang ang malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral at ang kanilang kakayahang magsuri at maglahad ng mga argumento. Nagbibigay rin ito ng pagkakataon sa kanila na maipakita ang kanilang kaalaman sa iba't ibang paksa at makapag-ambag sa mas malalim na talakayan. Sa ganitong paraan, nagiging daan ang sanaysay sa pagpapalaganap ng karunungan at pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili bilang mga tagapagpahayag ng impormasyon at ideya (Zakaria et al., 2024).

**Hadlang sa Pagsulat ng Sanaysay. Ipinapakita sa Talahanayan 11,** ay nagpapakita ng mga pagsubok at balakid na nararanasan ng mga respondente habang nagsusulat ng sanaysay. Ipinapahiwatig nito na bagamat may kakayahan ang mga respondente sa pagsulat, may mga salik tulad ng presyon, kakulangan ng tulog, o mga distraksyon na nakakaapekto sa kanilang pagganap. Ang pagkakaroon ng mga hadlang sa pagsulat ay nagpapakita ng kanilang kamalayan sa mga posibleng pagsubok na maaaring makaapekto sa kalidad ng kanilang mga sanaysay.

Ayon kay Kochubei (2021) ang pagsulat ng sanaysay ay may malaking kahalagahan sa pagpapalawak ng kasanayan sa wika at pagpapahayag. Ang mga hamon tulad ng mga pagkakamali sa gramatika, kahirapan sa bokabularyo, kakulangan sa pagpaplano, at mababang motibasyon ay may malaking epekto sa kalidad ng isinagawang sanaysay. Mahalaga ang pagtutok sa mga aspetong ito upang mapabuti ang kasanayan ng mag-aaral sa pagsusulat at magkaroon ng mas epektibong komunikasyon sa pamamagitan ng maayos at organisadong teksto.

Ipinapakita sa Talahanayan 14 ang epekto ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Batay sa datos, ang memorya ay may $\beta = -0.034$, p-value = 0.705, na mas mataas kaysa sa alpha level na 0.05. Dahil dito, tinanggap ang null hypothesis, na nangangahulugang walang makabuluhang epekto ang memorya sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Samantala, ang kognitibong pakikilahok ay may $\beta = 0.808$, p-value $< .001$, na mas mababa kaysa sa alpha level na 0.05. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis, na nangangahulugang may makabuluhang epekto ang kognitibong pakikilahok sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Ang Adjusted R-square ng modelo ay 0.336, na nangangahulugang 33.6% ng pagbabago sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ay maipapaliwanag ng antas ng memorya at kognitibong pakikilahok. Ang F-ratio na 39.656 ay nagpapakita ng kabuuang pagiging angkop ng modelo.

## V. KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng memorya, kognitibong pakikilahok, at kasanayan ng mga mag-aaral sa Medyor sa Filipino. Ang mataas na marka na natamo sa mga aspeto ng memorya at kognitibong pakikilahok ay nagpapakita ng aktibong papel ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng memorya at aktibong pakikilahok sa kanilang pag-aaral ay mas matagumpay sa pagsulat at iba pang akademikong gawain. Ang mga mag-aaral na mahusay sa pag-aalala ng mga detalye at mga konsepto, pati na rin ang may mataas na kognitibong pakikilahok, ay nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa at mas maayos na kasanayan sa pagsulat at iba pang kasanayang pang-akademiko.

Ang positibong epekto ng memorya at kognitibong pakikilahok ay naaayon sa mga naunang pag-aaral na nagsasaad na ang aktibong pagproseso at pagpapakita ng interes sa paksa ay nagreresulta sa mas mataas na akademikong tagumpay. Bukod dito, ang mataas na kognitibong pakikilahok ay nagpapakita ng kahalagahan ng aktibong pagsusuri, pag-iisip, at pagsasama ng mga ideya sa proseso ng pagkatuto, na may direktang epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat at iba pang kaugnay na kasanayan sa Filipino.

Sa kabuuan, ang resulta ng pag-aaral ay sapat upang tanggihan ang null hypothesis, na nangangahulugang may makabuluhang epekto ang antas ng memorya at kognitibong pakikilahok sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Medyor sa Filipino. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagkakaroon ng mataas na memorya at aktibong pakikilahok ay hindi lamang nagpapahusay ng kanilang mga kasanayan sa pagsulat, kundi pati na rin sa kanilang pangkalahatang akademikong pagganap. Ang mga natuklasang ito ay maaaring magsilbing batayan para sa

pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtuturo sa Filipino upang higit pang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mga aspeto ng pagsulat, kritikal na pag-iisip, at iba pang akademikong gawain.

## SANGGUNIAN


[1] Anaktototy, H., Atoh, C. O., & Hadi, S. (2024). Students' procrastination in essay writing: Causes and impacts on academic performance. International Journal of Educational Psychology and Research, 14(2), 88–97.

[2] Aithor, P. (2024). Descriptivecorrelational research design in education. Journal of Educational Methodologies, 6(1), 22–30.

[3] Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE Publications.

[4] Fauziah, A., & Gumiandari, A. (2024). Holistic development of academic writing skills among university students. Journal of Language and Education Development, 13(1), 34–42.

[5] Frost, J. (2019). Regression analysis: An intuitive guide for using and interpreting linear models. Statistics By Jim Publishing.

[6] Lopres, R. A., Dela Cruz, M. T., & Santos, J. L. (2023). Grammatical challenges in academic essay writing among Cebu City students. Philippine Journal of Language and Literacy, 8(2), 55–70.

[7] Manipatruni, V. R., Kumar, N. S., Karim, M. R., & Banu, S. (2024). Improving writing skills through essay writing via "Write & Improve" for error analysis and "Padlet" for collaborative writing & peer review. World Journal of English Language, 14(4), 204–? https://doi.org/10.5430/wjel.v14n4p204

[8] Zakaria, S., & Gani, H. A. (2024). The effectiveness of essay writing training module in improving literacy skills of high school students. Asian Journal of Education and Social Studies, 50(4), 295–301. https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i41331

[9] Erickson, K. A. (2019). The dynamic nature of memory and its implications for learning strategies. Educational Psychology Review, 31(3), 529–545. https://doi.org/10.1007/s10648-019-09483-w

[10] López, M. J., García, R., & Sánchez, P. (2024). Educational attainment and memory performance: A lifespan perspective on cognitive processes. Journal of Cognitive Aging, 19(1), 44–59. https://doi.org/10.1016/j.jcogage.2024.100019

[11] McAuliffe, S., Fraser, J., & Smith, L. (2020). Enhancing memory in education: The role of cognitive strategies and learning techniques. Journal of Educational Neuroscience, 7(2), 88–102. https://doi.org/10.1177/2396941520906417

[12] Choi, H., & Hur, J. (2023). Passive participation in collaborative online learning activities: A scoping review of research in formal school learning settings. Online Learning, 27(1), 127–157. https://doi.org/10.24059/olj.v27i1.3414

[13] Diepreye, F., & Odukoya, A. (2019). Active vs. passive teaching methods: Impact on students' learning in Yenagoa, Bayelsa State. Journal of Physics: Conference Series, 1378(2), 022099. https://doi.org/10.1088/17426596/1378/2/022099

[14] Lavi, R., & Bertel, E. (2024). Student engagement beyond the classroom: A study of active participation in extracurricular and community-based learning. Journal of Educational Engagement Research, 3(1), 45–60. Nyshanbayeva, A., Bek-Zhanova, S., & Ospanova, G. (2024). Constructivism in classroom interaction: Effects on critical thinking and problem solving. International Journal of Educational Theory, 16(2), 145–160.

[15] Zheentaeva, L., Petrov, N., & Mukhtarova, A. (2024). Interactive education approaches and student engagement: A new paradigm for collaborative learning. Journal of Modern Teaching Methods, 8(1), 22–35.

[16] Kalule, J. K., Ssali, K. F., Masembe, E., & Ssebowa, D. K. (2024). Academic staff perceptions on graduate students' attitudes towards academic writing and research in selected public universities in Uganda. East African Journal of Education Studies, 7(4), 445–461. https://doi.org/10.37284/eajes.7.4.2345

[17] Kochubei, V. (2021). Challenges of writing academic essays and ways of overcoming them. Germanic Philology Journal of Yuriy Fedkovych Chernivtsi National University, 831–832, 147–156. https://doi.org/10.31861/gph2021.831-832.147-156

[18] Zakaria, N. M., Ismail, R., & Yusof, N. (2024). The effectiveness of essay writing training module in improving literacy skills of high school students. International Journal of Literacy Studies, 12(3), 112–128. https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i41331